5

Republic of the Philippines

Department of Education

NATIONAL CAPITAL REGION

Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS

(USLeM)

# FILIPINO

**Bumuo sa Pagsusulat ng USLeM**

| | |
|---|---|
| **Manunulat/Tagaguhit:** | Loie L. Deypalubos |
| **Tagalapat:** | Hannah Krystelle Q. Del Rosario |
| **Tagasuri ng Nilalaman at Wika:** | Lesslie D. Lalo |
| **Tagapamahala:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR<br>Mrs. Ma. Evalou Concepcion A. Agustin, SDS SDO-Pasig City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR<br>Dennis M. Mendoza, LR EPS – NCR<br>Dr. Ma. Gloria G. Tamayo, Filipino EPS-NCR<br>Ma. Teresita E. Herrera, Filipino SDO EPS, Pasig, City<br>Wilma Q. Del Rosario, LR EPS SDO-Pasig City<br>Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR |


(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.)

# ARALIN: Pagtukoy sa Paniniwala ng May-akda ng Teksto sa Isyu

## Mga Inaasahan

Sa pagtatapos ng modyul na ito ay inaasahan ka na:

A. natutukoy ang paniniwala ng may-akda ng teksto sa isang isyu (F5PB-IVb-26), at
B. nasasagot ang mga tanong batay sa teksto.

## Unang Pagsubok

**Panuto: Pag-aralan ang kaisipang ipinakikita ng larawan. Sagutin ang mga tanong sa ibaba at bilugan ang letra ng tamang sagot.**

**Pista**
ni: Loie L. Deypalubos

Ang pista ay isa sa pinakamasayang pagdiriwang na minana natin sa ating mga ninuno. Kabi-kabila ang malakas na tugtog ng masiglang tugtugin. Maraming masasarap na pagkain gaya ng litson. May mga makukulay na banderitas bawat kalye. Ang mga balikbayan at mga panauhin mula sa ibang bayan ay masayang nagkukumustahan. Abala ang lahat sa pagluluto at paghahanda.

Sa loob ng simbahan ay iilan lamang ang kabataan na dumadalo sa misa ng pasasalamat. Nasaan nga ba sila?

Maaga pa lamang ay marami ng mga bata ang nasa plasa, wiling-wili sa mga sakayang pang-*carnival.* Ang iba ay naghahanda sa mga sasalihang palaro tulad ng palosebo,

Ang pista ay araw ng pasasalamat sa Poong Maykapal sa mga biyayang ipinagkaloob Niya sa atin. Ito ay araw ng pagdakila, papuri at pagpaparangal sa Panginoon. Ngunit nakalulungkot ding isipin na ang pista ay tila nagiging pagdiriwang ng paligsahan o paramihan ng handa sa iilan. Nakalilimutan at nawawala na ang diwang ispiritwal ng okasyon. Mas nabubuo sa kaisipan ng mga kabataan ang mga palaro, premyo at iba pang may kaugnayan sa kasiyahan kaysa sa tunay na diwa nito.

Sa tulong at paggabay ng mga magulang at nakatatanda, maikikintal pa sa kanilang isipan na bago ang kasiyahan at anumang palaro, mas una at higit na bigyang pansin ang pagpapasalamat sa Panginoon, sapagkat sila naman ang magtuturo nito sa mga susunod pang henerasyon. Sa ganitong gawain, hindi mawawala ang tunay na kahulugan ng pista.

1. Ano ang pista?______________________________________
2. Bakit may pista?____________________________________
3. Sang-ayon ka ba na ipagpatuloy ang tradisyon ng pagdaraos ng pista? Ipaliwanag.______________________________________________________
4. Bakit sinasabing ang pista ay isang pamanang kalinangan ng ating mga ninuno?________________________________________________
5. Ano sa tingin mo ang paniniwala ng may akda, tungkol sa isyung ito,?
   a.___________________________________________________
   b.___________________________________________________

## Balik-Tanaw

**Basahing mabuti ang balita at sagutan ang gawain.**

Mga Malisyosong *Facebook Link*

Hindi na bago sa ating lahat ang makatanggap ng *notification* na na-*tag* tayo ng ating mga kaibigan sa kanilang mga *Facebook post.* Kamakailan lang marami ang nagrereklamo na sila ay na-*tag* sa isang *Facebook post* na kapag binuksan mo ito, malalaswang larawan o *video* ang ang makikita mo. Ito ang mga halimbawa ng mga *Facebook link* na kapag binuksan mo ay maaaring nakawin ang mga impormasyong nakapaloob sa iyong *computer* at gagayahin ang pag-*tag* kahit sino sa malisyosong *Facebook link.*

Ayon sa mga eksperto, huwag basta-bastang magbubukas ng mga *Facebook link* lalong-lalo na sa mga hindi mo kaibigan. Suriing mabuti ang mga ito bago bubuksan dahil maaaring makasasama ito sa ating *computer* at sa ating sarili.

**Panuto: Gumawa ng limang pangungusap batay sa binasang balita. Isulat sa patlang ang pangungusap ayon sa hinihingi ng bawat bilang.**

Pasalaysay 1.______________________________________________________
Padamdam 2.______________________________________________________
Patanong 3.______________________________________________________
Pakiusap 4.______________________________________________________
Pautos 5.______________________________________________________

## Maikling Pagpapakilala ng Aralin

Ang paniniwala ay ang mga bagay na pinaniniwalan. Maaaring ito ay may kaugnayan sa mga nakaugaliang gawi o tradisyon. Madalas, ang paniniwala ay nag-uugat sa mga bagay na nakikita, nararamdaman, naririnig, karanasan, at maging sa mga obserbasyon sa kapwa-tao o sa kapaligiran.

**Panuto: Basahin natin ang teksto at sagutan ang tanong**.

Ang Bulkang Taal

Ang Taal ay isa sa mapanganib na bulkan sa Pilipinas sapagkat higit sa 450,000 katao ang naninirahan sa loob ng 14 kilometrong *radius* nito. Maaaring magdulot ito ng malubhang kalamidad sa Metropolitan Manila area, na tahanan ng 12 milyong katao na 60 kilometro lamang ang layo. Ang Maynila ay natakpan ng mga fragments ng bato at abo noong 1754 na sanhi ng isang malakas na pagsabog. Gayunpaman, ang Taal ay namamalayan din dahil sa kakayahan nitong makabuo ng napakalakas na pagsabog.

Bakit mapanganib ang Bulkang Taal?

______________________________________________

## Gawain 1

**Panuto: Basahing mabuti ang talata. Piliin ang angkop na salita sa loob ng kahon at isulat sa patlang.**

Ano nga ba ang *corona virus*?

*Corona Virus*

Isang malaking pamilya ng mga *virus* ang *corona virus*. Ang mga ito ay maaaring magdulot ng sakit mula sa karaniwang sipon, hanggang sa mas malubhang sakit tulad ng *Middle East Respiratory Syndrome* ( MERS-Cov), *Severe Acute Respiratory Syndrome* (Sars-Cov) at ang bagong sakit na *Covid-19.* Maraming mga *corona virus* ang natural na nakahahawa sa mga hayop, ngunit ang ilan ay maaari ring makahawa sa mga tao. Maipapasa o maikakalat ng isang tao ang *corona virus*

sa pamamagitan ng pag-ubo, pagbahing, paghawak ng mga bagay at malapitang pakikipag-ugnayan sa ibang tao.

| | | |
|---|---|---|
| *Covid-19* | sakit | pag-ubo |
| hayop | tao | |

1. Ang *corona virus* ay isang malaking pamilya ng mga *virus* na maaaring magdulot ng______.
2. Ang bagong sakit na ______ ay nararanasan natin sa kasalukuyan.
3. Maraming *corona virus* ang natural na nakahahawa sa ______.
4. Ang ilan sa mga *corona virus* ay maaaring makahawa sa mga _________.
5. Ang *corona virus* ay kumakalat sa hangin sa pamamagitan ng_________.

## Gawain 2

**Panuto: Isulat sa patlang ang Tama kung ang pahayag ay batay sa paniniwala ng may-akda at Mali naman kung hindi.**

Kagubatan
ni :Loie L. Deypalubos

Napakalaking papel ang ginagampanan ng kagubatan sa buhay ng mga tao at hayop. Pinagkukuhanan ito ng pagkain, malinis na tubig, sariwang hangin at mga halamang gamot. Nagsisilbi rin itong tirahan ng maiilap at mababangis na hayop. Nakatutulong din ang kagubatan na pigilan ang pagkakaroon ng landslide at pagbaha.

Nararapat na mabatid ng lahat ang kahalagahan ng mga kagubatan. Ang pamahalaan ay gumagawa ng mga pamamaraan upang mapangalagaan ito. pagkakaisa, pagtutulungan at pagsunod sa batas ang mga kailangan upang mapangalagaan ang ating kagubatan.

______1. Maraming pakinabang ang nakukuha sa kagubatan.
______2. Wala tayong nakukuhang kahit ano sa kagubatan.
______3. Ang kagubatan ay nagsisilbing tirahan ng maiilap at mababangis na hayop.
______4. Dapat sundin ang mga gawain sa pangangalaga ng kagubatan.
______5. Mahalaga ang mga kagubatan sa ating mga mamamayan.

## Tandaan

Ang paniniwala ay ang mga bagay na pinaniniwalan,kaugnayan sa mga nakaugaliang gawi o tradisyon. Madalas, ang paniniwala ay nag-uugat sa mga bagay na akikita, nararamdaman, naririnig, naranasan, at maging sa obserbasyon sa kapwa-tao o sa kapaligiran.

Sa mga nasusulat na teksto, nailalahad ang mga paniniwala ng isang may-akda sa isyung nakapaloob sa kaniyang likha. Isang paraan ito kung paano niya natatalakay at naipakikita ang mga nais niyang ipahatid sa mambabasa o tagapakinig.

## Pag-alam sa mga Natutuhan

**Panuto: Hanapin ang tamang sagot sa loob ng kahon upang mabuo ang talata.**

| | | |
|---|---|---|
| paniniwala | nakikita | teksto |
| gawi o tradisyon | manunulat | |

Ang **(1.)** ________ ay ang mga bagay na ating pinaniniwalaan. Maaaring ang paniniwalaang mayroon tayo ay paniniwala sa mga nakaugaliang **(2.)** ___________. Madalas, ang ating mga paniniwala na mayroon tayo bilang tao ay nag-uugat sa mga bagay na ating **(3.)** __________, nararamdaman, naririnig, naranasan, at maging sa ating mga obserbasyon sa kapwa tao o sa kapaligiran.

Sa pamamagitan ng pagsulat ng **(4.)** ________, nailalahad natin ang ating mga paniniwala. Ito ay paraan ng **(5.)** ___________ sa pagtalakay ng anomang akda o teksto.

## Pangwakas na Pagsusulit

Ang Ilog Pasig
ni : Loie L. Deypalubos

Ang Ilog Pasig ay isang ilog sa Pilipinas na dumadaloy mula sa Laguna de Bay patungong Look ng Maynila. May haba itong 25 kilometro at hinahati ang Kalakhang Maynila sa dalawa. Ang Ilog Marikina at Ilog San Juan ang pangunahing mga sanga

nito. Ang Ilog Pasig noon ay malinis, maayos at maganda. Katunayan ito ay isang mahalagang rutang pantransportasyon ng mga Kastila noon sa kanilang pangangalakal o pakikipagpalitan ng mga produkto sa ibang bansa. May mga bahay mang nakatayo malapit dito, subalit napanatiling malinis at maayos ang Ilog Pasig.

Kung titingnan natin ang Ilog Pasig ngayon, kitang-kita ang malaking kaibahan nito sa Ilog Pasig noon. Ang dating malinis at magandang ilog ay naging marumi at pangit. Mas marami na ang nakatayong bahay sa baybayin nito. Naging tapunan at tambakan na ng mga basura ang Ilog Pasig ngayon. Mabaho ang amoy at kulay itim na ang tubig. Nawala na ang sigla at yamang tubig na naninirahan dito.

Isang malaking hamon sa ating pamahalaan ang pagbuhay muli sa makasaysayang Ilog Pasig. Ang pakikiisa at pakikipagtulungan ng mga mamamayan sa mga programa ng pamahalaan ay mga susi upang makamit ito.

1. Ayon sa teksto, ano ang may malaking bahagi sa buhay ng mga Pilipino?
   A. Ilog Pasig B. Luneta C. Maynila D. Pasig

2. Ano ang paniniwala ng may-akda tungkol sa ilog Pasig noon?
   A. Maburak ang ilog noon.
   B. Madumi ang ilog noon.
   C. Malinis at maganda ang Ilog Pasig noon.
   D. Tapunan ng mga basura ang Ilog Pasig noon.

3. Ang ilog Pasig noon ay isang mahalagang rutang pantransportasyon ng mga _________ para sa kanilang pangangalakal o pagpapalitan ng mga produkto sa ibang bansa.
   A. Amerikano B. Hapones C. Indiano D. Kastila

4. Ano ang isyung tinalakay sa teksto?
   A. Ang pagbabago ng Ilog Pasig.
   B. Maganda ang ilog.
   C. Malinis ang ilog.
   D. Mabaho at maitim ang tubig.

5. Ano ang paniniwala ng may-akda ng teksto?
   A. Hindi na mabubuhay muli ang Ilog Pasig.
   B. Hindi susundin ang mga ipinatutupad na batas.
   C. Hindi papansinin ng mga tao ang mga programa ng pamahalaan.
   D. Dapat makiisa ang mga tao sa mga programa ng pamahalaan upang buhaying muli ang Ilog Pasig.

Pag-alam sa mga Natuto

1. paniniwala
2. gawi o tradisyon
3. nakikita
4. teksto
5. manunulat

| Balik-Tanaw | Pangwakas na Pagsusulit |
|---|---|
| 1. A | 1. A |
| 2. B | 2. C |
| 3. B | 3. D |
| 4. B | 4. A |
| 5. D | 5. D |

Aralin

1. Mapanganib ang bulkang Taal.
2. Pagsabog ng bulkang Taal panganib sa kalusugan ng mga tao.
3. Malaking kalamidad ang pagsabog ng bulkan .

| Gawain 1 | Gawain 3 |
|---|---|
| 1. sakit | 1. Tama |
| 2. *Covid-19* | 2. Mali |
| 3. hayop | 3. Mali |
| 4. tao | 4. Tama |
| 5. pag-ubo | 5. Tama |

Paunang Pagsubok

1. Ang pista ay araw ng pasasalamat sa Poong Maykapal.
2. Ito ay kaugaliang minana pa sa ating mga ninuno.
3. Oo, sapagkat ito ay kaugalian na nating mga Pilipino.
4. Ang pista ay pamana ng ating mga ninuno na naging kaugalian na.
5. Ito ay pasasalamat sa Poong Maykapal sa mga biyayang ipinagkaloob niya sa mga tao.

## Sanggunian

http://www.seasite.niu.edu/tagalog/new_intermediate_tagalog/essays/pistan1.jpg

https://www.flickr.com/photos/therealbrute/4639392140

https://temblor.net/earthquake-insights/ang-pagsabog-ng-bulkang-taal-ng-pilipinas-na-may-kasamang-lindol-at-abo-10404/

https://doh.gov.ph/node/19123